



Patakarang sa Pinansyal na Tulong at Paniningil ng Utang

Inaprubahan noong:	Petsa ng Huling Pag-apruba:	Petsa ng Pag-isyu:	Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 01/01/2024
--------------------	-----------------------------	--------------------	---

Sanggunian lang ang mga inimprentang kopya. Mangyaring sumangguni sa elektronikong kopya para sa pinakabagong bersyon.

Mga Kinakailangan/Sanggunian sa Pagkontrol:

Sumusunod ang Patakarang ito sa Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at sa kaugnay na Mga Regulasyon ng Treasury.

Patakarang sa Pinansyal na Tulong at Paniningil ng Utang

Ang patakarang ng Select Specialty Hospital San Diego ay magbigay ng Medikal na Kinakailangang Pangangalaga sa mga pasyente anuman ang kanilang lahi, paniniwala, o kakayahang magbayad. Ang mga pasyenteng walang kakayahang magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay sa Select Specialty Hospital San Diego ay maaaring humiling ng tulong pinansyal, na igagawad sa ilalim ng mga tuntunin at kundisyon na nakasaad sa ibaba.

I. Background

- A. Ang Select Specialty Hospital San Diego ay isang pangmatagalang ospital sa malubhang pangangalaga na nagpapatakbo at nangangasiwa sa paraan na pangkalahatang sumusunod sa mga kinakailangan ng Scripps Health System sa ilalim ng seksyon 501(c)(3) ng Internal Revenue Code at mga institusyon ng kawanggawa sa ilalim ng batas ng estado.
- B. Ang Select Specialty Hospital San Diego ay nakatuon sa paglalaan ng Medikal na Kinakailangang Pangangalaga. Ibinibigay ang “Medikal na Kinakailangang Pangangalaga” sa mga pasyente nang hindi nakabatay sa lahi, paniniwala, o kakayahang magbayad.
- C. Ang pangunahing mga benepisyaryo ng Patakarang ng Pinansiyal na Tulong at Pangongolekta ng Utang ay nilalayon para sa mga pasyenteng walang seguro o mga pasyenteng may mataas na bayaring medikal na nakatira sa loob ng 50 milya ng Select Specialty Hospital San Diego at ang Taunang Kita ng Pamilya ay hindi lalampas sa 400% ng Federal Poverty Income Guidelines (ang FPG) na inilalabas paminsan-

minsan ng U.S. Department of Health and Human Services na may bisa simula sa petsa ng serbisyo para sa mga gantimpala ng pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito. Maaari ring maging kwalipikado para sa tulong ang mga pasyenteng nakakaranas ng pinansyal o personal na kahirapan o mga espesyal na medikal na sitwasyon. Hindi kailanman sisingilin ang isang pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito nang mahigit sa mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed) para sa nasabing pangangalaga.

- D. Ang mga pasyente ay inaasahang makikipagtulungan sa mga pamamaraan ng Select Specialty Hospital San Diego sa pagkuha ng Pinansiyal na Tulong o iba pang paraan ng pagbabayad, at na mag-ambag sa gastos sa kanilang pangangalaga batay sa kanilang indibidwal na kakayahang magbayad.

II. Mga Kahulugan

Tinutukoy ang “Taunang Kita ng Pamilya” gamit ang pagpapakahulugan dito ng Census Bureau, na gumagamit ng sumusunod na kita kapag nagkakalkula ng mga pederal na alituntunin sa kahirapan:

- Kabilang ang mga kita, kabayaran sa kawalan ng trabaho, kabayaran sa mga manggagawa, Social Security, Supplemental Security Income, pampublikong tulong, mga pagbabayad sa mga beterano, mga benepisyong survivor, pensyon o kita sa pagreretiro, mga interes, mga dibidendo, mga pagrenta, mga royalty, kita mula sa mga lupain, mga trust, pang-edukasyong tulong, alimony, suporta sa anak, tulong mula sa labas ng sambahayan, at iba pang uri ng pinagkukunan.
- Hindi kabilang ang mga benepisyong hindi pera (gaya ng mga food stamp at subsidiya sa pabahay).
- Tinutukoy ang kita bago ang pagkaltas ng buwis (before-tax basis)
- Kung ang isang tao ay nakatira kasama ang kanilang malapit na pamilya, kasama ang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya.

Ang “Aplikasyon” ay nangangahulugan ng proseso ng pag-aaplay sa ilalim ng Patakarang ito, kabilang ang alinman sa (a) pamamagitan ng pagkumpleto sa aplikasyon ng pinansiyal na tulong ng Select Specialty Hospital San Diego nang personal, online, o sa telepono kasama ang isang kinatawan, o (b) sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat o paghahatid ng nakumpletong kopya ng papel ng aplikasyon sa Select Specialty Hospital San Diego.

Ang “CBO” ay nangangahulugang Central Billing and Collections Office.

Ang “May Diskuwentong Halaga ng Pinansiyal na Tulong” ay nangangahulugan na porsiyento ng sinisingil na halaga na binawas mula sa halagang dapat bayaran mula sa pasyente kapag ang pinansiyal na tulong ay naaprubahan.

Ang “Pamilya” ay nangangahulugan na pasyente, asawa ng pasyente (saanman nakatira ang asawa) at lahat ng sarili o ampon na mga anak ng pasyente na wala pang edad labing-walo na nakatira kasama ng pasyente. Kung ang pasyente ay wala pang labingwalong taong gulang, ang pamilya ay dapat isama ang pasyente, ang sarili o umampon na magulang ng pasyente (kahit saan nakatira ang mga magulang), at lahat ng sarili o inampon na anak ng (mga) magulang sa ilalim ng edad labingwalong taon na nakatira sa bahay.

Ang “FPG” ay nangangahulugan na Mga Alituntunin sa Kita ng Pederal na Kahirapan o

Federal Poverty Income Guidelines na inilathala paminsan-minsan ng U.S. Department of Health and Human Services at may bisa sa petsa ng serbisyo.

Nangangahulugan ang “Pasyenteng May Mataas na Gastos” ng mga sumusunod:

- i. Hindi Sariling Nagbabayad (may saklaw ng third party)
- ii. Kita ng Pamilya ng Pasyente na nasa o mas mababa sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL)
- iii. Mga medikal na gastos na mula sa sariling bulsa sa nakaraang labindalawang (12) buwan (nagastos man sa loob o labas ng anumang ospital) na lampas sa 10% ng Kita ng Pamilya ng Pasyente

Ang “Mga Pasyenteng May Insurance” ay mga indibidwal na may insurance na pangkalusugan na mula sa pamahalaan o pribado.

Ang “Medikal na Kinakailangang Pangangalaga” ay ang mga serbisyo, ayon sa tinukoy ng Medicare, na makatuwiran at kinakailangan para sa diyagnosis at nagbibigay ng paggamot na preventive, palliative, curative, o restorative para sa mga kondisyong pisikal o mental ayon sa mga propesyonal na kinikilalang pamantayan ng pangangalagang pangkalusugan na karaniwang natatanggap sa panahon ng pagbibigay ng mga serbisyo. Hindi kabilang ang mga resetang gamot sa medikal na kinakailangang pangangalaga.

Ang “Patakaran” ay nangangahulugan na ang Patakaran ng Pinansiyal na Tulong at Pangongolekta ng Utang ay kasalukuyang may bisa.

Kaugnay ng “makatuwirang plano sa pagbabayad” ang mga buwanang pagbabayad na hindi lampas sa 10 porsyento ng Kita ng pamilya ng pasyente para sa isang buwan, hindi kasama ang mga naibabawas para sa mga pangunahing gastusin sa pamumuhay. Para sa paghahati-hating ito, ang ibig sabihin ng “mga pangunahing gastusin sa pamumuhay” ay mga gastusin para sa alinman sa sumusunod: renta o pagbabayad at pagmementina ng bahay, pagkain at mga supply sa sambahayan, mga utility at telepono, damit, mga pagbabayad sa medikal na pangangalaga at pangangalaga ng ngipin, insurance, paaralan o pangangalaga sa anak, suporta sa anak o asawa, mga gastusin sa transportasyon at sasakyan, kabilang ang insurance, gasolina, at mga pagpapagawa, mga installment na pagbabayad, labada at paglilinis, at iba pang hindi karaniwang gastusin.

Ang “Mga Pasyenteng Walang Insurance” ay mga indibidwal na: (i) walang insurance na pangkalusugan na mula sa pamahalaan o pribado; (ii) nagamit na ang mga benepisyo sa insurance; o (iii) hindi saklaw ng mga benepisyo sa insurance ang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na hinahanap ng pasyente.

“Pasyente sa Mapagkawangawang Pangangalaga” – Ang pasyente sa Mapagkawangawang Pangangalaga ay isang pinansyal na kwalipikadong Pasyente na Sariling Nagbabayad o Pasyenteng May Malaking Medikal na Gastusin.

III. **Kaugnayan sa Iba Pang Patakaran**

- A. Patakaran na Nauugnay sa Mga Serbisyo ng Medikal na Emergency - Ang mga serbisyong emergency ay ibinibigay sa Select Specialty Hospital San Diego.
- B. Saklaw sa Inireresetang Gamot - Maaaring maging kwalipikado ang mga pasyenteng nangangailangan ng tulong sa mga gastusin sa kanilang mga inireresetang gamot sa isa sa mga programa ng tulong sa pasyente na iniaalok ng mga kumpanya ng gamot.

IV. **Batayan ng Pagiging Kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong**

Ang mga pasyenteng naghahanap ng pangangalaga sa Select Specialty Hospital San Diego na nakakatugon sa mga kwalipikasyon sa ibaba ay karapat-dapat para sa tulong na inilarawan sa Seksyon VII sa ilalim ng Patakarang ito.

- A. Pinansyal na Tulong na Batay sa Kita
 - 1. Mga Pasyente na Mga Pasyenteng Walang Seguro at ang Taunang Kita ng Pamilya ay hindi lalampas sa 400% ng FPG, o may mga sitwasyong nagpapababa tulad ng mga sakuna na kaganapang medikal o iba pang mga espesyal na sitwasyon,
 - 2. Mga naghahanap ng Medikal na Kinakailangang Pangangalaga para sa mga inpatient na serbisyo ng ospital, at
 - 3. Natutugunan ang kahit isa man lamang sa mga sumusunod
 - a. mamamayan ng U.S.; o
 - b. Nagtataglay ng U.S. Permanent Resident Card (USCIS Form I-551); o
 - c. Nakatira sa lugar na siniserbisuhan ng Select Specialty Hospital San Diego (tinukoy na 50 milyang paikot sa paligid na pasilidad).
- B. Mga Karagdagang Paraan upang Maging Kwalipikado para sa Tulong - Maaaring humingi ng tulong sa mga sumusunod na sitwasyon ang isang pasyente na hindi kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito pero walang kakayahang magbayad ng gastos sa Medikal na Kinakailangang Pangangalaga:
 - 1. Mga Hindi Karaniwang Sitwasyon - Mga pasyenteng nagpahayag na nakakaranas sila ng matinding personal o pinansyal na paghihirap (kabilang ang isang sakit na wala nang lunas o iba pang nagpapahirap na medikal na kundisyon).
 - 2. Espesyal na mga Medikal na Kalagayan - Mga pasyente na naghahanap ng paggamot na maaari lamang ibigay ng mga tauhan ng Select Specialty Hospital San Diego o makikinabang mula sa patukoy na mga medikal na serbisyo mula sa Select Specialty Hospital San Diego para sa patuloy na pangangalaga.

Ang mga kahilingan para sa tulong dahil sa Mga Pambihirang Kalagayan o Mga Espesyal na Medikal na Kalagayan ay susuriin sa bawat kaso na may pagpapasiya na ginawa ng CBO Manager.

- C. Pagsusuri ng Medicaid - Ang mga Pasyenteng Walang Seguro na naghahanap ng pangangalaga sa Select Specialty Hospital San Diego ay maaaring tawagan ng isang kinatawan upang malaman kung sila ay maaaring kwalipikado o hindi para sa Medicaid o iba pang mga programa ng pangangalagang pangkalusugan ng estado. Dapat makipagtulungan ang Mga Pasyenteng Walang Insurance sa proseso sa pagiging kwalipikado sa Medicaid upang maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito.

V. Pamamaraan ng Pag-apply

A. Pinansyal na Tulong na Batay sa Kita

1. Maaaring magsagot ng aplikasyon sa pinansyal na tulong ang sinumang pasyenteng naghahanap ng pinansyal na tulong batay sa kita sa anumang panahon sa proseso ng pag-iskedyul at pagsingil at hihingin sa kanya ang impormasyon sa Taunang Kita ng Pamilya para sa tatlong buwan o labindalawang buwang bago mismo ang petsa ng pagsusuri sa pagiging kwalipikado. Maaaring gumamit ng mga third party na serbisyo ng pagkumpirma ng kita bilang patunay ng Taunang Kita ng Pamilya. Ang aplikasyon ng pinansiyal na tulong ay maaaring makita sa mga lugar ng aming Admission sa aming pasilidad sa 555 Washington Street, San Diego, CA 92103; online sa <https://www.selectspecialtyhospitals.com/locations-and-tours/ca/san-diego/san-diego/>; o sa pamamagitan ng pagtawag sa aming admissions department sa 619-686-4525. Ang tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon sa pinansiyal na tulong ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng pagkontak sa aming Central Business Office sa 888-868-1103.

Maaari kang makakuha ng libreng kopya ng aming Patakarang ng Pinansiyal na Tulong, Buod ng Simpleng Lengguwahe, at Form ng Aplikasyon. Ang mga kopya ng aming Patakarang ng Pinansiyal na Tulong, Form ng Aplikasyon at Buod ng Simpleng Lengguwahe ay available sa English at Espanyol.

2. Kung mayroong pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pinagmumulan ng impormasyon, maaaring humiling ang isang kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego ng karagdagang impormasyon upang suportahan ang Taunang Kita ng Pamilya.
3. Kung pagkatapos ay magsumite ang indibidwal ng kumpletong aplikasyon para sa tulong pinansyal at/o determinadong maging karapat-dapat para sa tulong pinansyal, ibibigay ang refund kung binayaran ng indibidwal ang pangangalaga na lumampas sa halagang natukoy niyang personal na responsable sa pagbabayad. , maliban kung ang naturang halaga ay mas mababa sa \$5.

B. Mga Hindi Karaniwang Sitwasyon

Ang mga tauhan ng Select Specialty Hospital San Diego ay magpapasimula ng isang Aplikasyon para sa sinumang pasyente na natukoy na nagkaroon o nasa panganib na magkaroon ng mataas na balanse o bilang nag-uulat ng isang matinding personal o pinansiyal na kahirapan. Ang mga piling tauhan ng Specialty Hospital ng San Diego ay mangangalap ng impormasyon sa mga kalagayang pinansyal at personal na paghihirap mula sa pasyente. Ang mga pagpapasiya ay ginawa ng CBO Manager sa ilalim ng direksyon ng CFO o itinalaga. Aabisuhan ang pasyente tungkol sa huling pagpapasiya.

C. Mga Espesyal na Medikal na Sitwasyon

Ang Mga Tauhan ng Select Specialty Hospital San Diego ay magpapasimula ng isang Aplikasyon para sa sinumang pasyente na natukoy sa panahon ng pag-iiskedyul o pagproseso ng pagpasok bilang may potensyal na espesyal na kalagayang medikal at ang isang kinatawan ay hihingi ng rekomendasyon mula sa manggagamot na maglalaan o magbibigay ng paggamot o pangangalaga kung ang Ang pasyente ay nangangailangan ng paggamot na maaari lamang ibigay ng mga medikal na kawani ng Select Specialty Hospital San Diego, o makikinabang sa patuloy na mga serbisyong medikal mula sa Select Specialty Hospital San Diego para sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Ang mga pagpapasiya sa mga espesyal na kalagayang medikal ay ginagawa ng manggagamot na doktor. Aabisuhan ang pasyente sa pamamagitan ng sulat kung hindi sila kwalipikado para sa tulong pinansyal dahil sa mga espesyal na kalagayang medikal.

D. Di Kumpleto o Nawawalang Aplikasyon

Aabisuhan ang mga pasyente tungkol sa kulang na impormasyon sa Aplikasyon at bibigyan siya ng naaangkop na pagkakataon para maibigay ito.

VI. Proseso ng Pagtukoy sa Pagiging Kwalipikado

A. Panayam sa Pananalapi

Susubukan ng isang kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego na makipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono sa lahat ng Hindi Nakasegurong Pasyente para sa tulong pinansyal sa oras ng pag-iskedyul para sa isang panayam sa pananalapi. Manghihingi ang kinatawan ng impormasyon, kabilang ang laki ng pamilya, mga pinagkukunan ng kita ng pamilya at anupamang pinansyal o hindi karaniwang sitwasyong sumusuporta sa pagiging kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito at tutulong siya sa pagkumpleto ng Aplikasyon. Sa oras ng appointment o sa pagpasok, hihilingin sa mga pasyente na bisitahin ang kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego at lalagdaan ang Aplikasyon.

B. Natanggap ng mga Aplikasyon

Ang anumang Aplikasyon, nakumpleto man nang personal, online, inihatid o ipinadala sa koreo, ay ipapasa sa isang kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego para sa pagsusuri at pagproseso.

C. Pagtukoy sa Pagiging Karapat-dapat

Susuriin o ipoproseso ng isang kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego ang lahat ng Aplikasyon ng Tulong Pinansyal. Aabisuhan ang pasyente sa pamamagitan ng sulat tungkol sa pagpapasya sa pagiging kwalipikado. Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa mas mababa sa 100% na tulong pinansyal ay makakatanggap ng pagtatantya ng halagang dapat bayaran at hihilingin na magsaayos ng pagbabayad.

- Ang pagkabisigong sumunod sa Proseso ng Pagsusuri ng Medicaid Coverage at Tulong Pinansyal ng Select Specialty Hospital San Diego ay magbubukod sa mga pasyente sa pagiging kwalipikado sa Tulong Pinansyal.
- Ang mga pagbabago sa naunang iginawad na mga diskwento ay dapat gawin kung ang kasunod na impormasyon ay nagpapahiwatig na ang impormasyong ibinigay sa Select Specialty Hospital San Diego ay hindi tumpak.

Gaya ng paggamit dito, may kahulugan ang “halagang karaniwang sinisingil” (amounts generally billed) na nakasaad sa IRC §501(r)(5) at sa anumang regulasyon o iba pang gabay na ibinigay ng Department of Treasury ng United States o ng Internal Revenue Service na tumutukoy sa terminong iyon. Tingnan ang Appendix A para sa detalyadong paliwanag ng kung paano kinakalkula ang “halagang karaniwang sinisingil” (amounts generally billed). Ang Apendiks A ay binabago taun-taon at available din online sa <https://www.selectspecialtyhospitals.com/locations-and-tours/ca/san-diego/san-diego/> sa aming mga admissions area, at sa oras na hilingin sa pamamagitan ng pagtatanong sa kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego.

Natukoy ng Select Specialty Hospital San Diego na ang pasyente ay kwalipikado para sa pinansiyal na tulong batay sa kita, na ang determinasyon ay valid sa loob ng siyamnapung (90) araw mula sa petsa na repasuhin ang pagiging kwalipikado. Pagkalipas ng siyamnapung (90) araw, maaaring magkumpleto ang pasyente ng panibagong Aplikasyon para humingi ng karagdagang pinansyal na tulong.

VII. Batayan para sa Pagkalkula ng Mga Halagang Sinisingil sa Mga Pasyente, Saklaw, at Habang Pinansyal na Tulong

Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa mga parangal ng tulong pinansyal na nakabatay sa kita sa ilalim ng Patakaran ay makakatanggap ng tulong ayon sa sumusunod na pamantayan ng kita:

Pagiging Kwalipikado para sa 100% Charity Care Discount para sa Pasyente na Walang Third-Party Coverage

- A. Kung umabot sa 200% ng FPG ang taunang kita ng pamilya ng pasyente, makakatanggap ka ng libreng pangangalaga o 100% pag-write off sa sagutin ng pasyente para sa mga nakuhang serbisyo. Ang mga sumusunod ang mga pamantayan at proseso sa pagpapasya sa pagiging kwalipikado ng pasyente para sa mapagkawangawang pangangalaga:
1. Nakumpirmang hindi lampas sa 200% ng FPL ang Kita ng pamilya ng pasyente sa pamamagitan ng pinakamakailang na-file na Pederal na tax return o mga kamakailang paycheck stub.
 2. Hindi binibilang ang unang \$10,000 ng mga monetaryong asset (mga liquid na asset) sa pagpapasya sa pagiging kwalipikado.
 3. Ang 50% lang ng mga monetaryong asset ng pasyente (mga liquid na asset) na bukod sa unang \$10,000 ang binibilang sa pagpapasya sa pagiging kwalipikado.
 4. Hindi itinuturing na mga monetaryong asset at hindi isinasama sa pagsasaalang-alang ang mga retirement account at plano sa ipinagpalibang kabayaran na tinukoy ng IRS (kwalipikado at hindi kwalipikado).
 5. Ang mga asset na bukod pa sa mga hindi isinamang halaga ayon sa batas ay ituturing na mga sobrang pinapahintulatang asset at maaari itong magresulta sa hindi pagbibigay ng mga diskwento sa mapagkawangawang pangangalaga.
 6. Magiging kwalipikado para sa 100% ng mapagkawangawang pangangalaga ang mga pasyenteng May Malaking Medikal na Gastusin na walang saklaw ng third party na may Kita ng pamilya na nasa o mas mababa sa 200% ng FPL.
 7. Susuriin ang mga pasyenteng May Malaking Medikal na Gastusin kada buwan para sa pagpapasya sa pagiging kwalipikado, at magkakaroon ng bisa ang status nila sa kasalukuyang buwan o sa pinakabagong buwan ng serbisyong umiiral na sa nakaraang labindalawang buwan ng serbisyo.

Pagiging Kwalipikado para sa Partial na Diskwento sa Mapagkawangawang Pangangalaga para sa Pasyente na Walang Saklaw ng Third Party

1. Kung walang insurance ang pasyente, at mas mataas sa 200% pero wala pang 400% ng FPG ang taunang kita ng pamilya ng pasyente, posibleng maging available ang partial na pag-write off ng mga kwalipikadong sinisingil na bayarin. Ang pasyente ay maaari ding maging karapat-dapat na makatanggap ng mga may diskwentong rate batay sa bawat kalagayan na naka-base sa partikular na pangyayari, tulad ng sakuna na karamdaman o medikal na kahinaan, sa pagpapasya ng Select Specialty Hospital San Diego.

2. Dapat kumpletuhin ang Paghahayag ng Paghihirap ng Pasyente para sa lahat ng pasyente na humihiling ng diskwento sa pagkakawanggawa na pangangalaga.
3. Kukumpirmahin ang Kita ng pamilya ng pasyente sa pamamagitan ng pinakamakailang na-file na Pederal na tax return o mga kamakailang paycheck stub.
4. Kapag natukoy nang nasa pagitan ng 201% at 400% ng FPL ang Kita ng pamilya ng pasyente, isasaalang-alang ang mga monetary asset (mga asset na madaling ma-convert sa pera, gaya ng mga account sa bangko at mga stock na pampublikong tine-trade) sa pagpapasya sa pagiging kwalipikado para sa diskwento sa mapagkawangawang pangangalaga.
5. Lilimitahan ang mga may diskwentong pagbabayad sa pinakamataas ng Medicare o Medi-Cal.

Pagiging Kwalipikado para sa Partial na Diskwento sa Mapagkawangawang Pangangalaga para sa Mga Pasyenteng May Malaking Medikal na Gastusin na may Saklaw ng Third Party

Mga pasyenteng May Malaking Medikal na Gastusin na may saklaw ng third party na may mga Kita ng pamilya ng pasyente na nasa pagitan ng 201% at 400% ng FPL.

Kailangang magbigay ng pasyente ng patunay ng pagbabayad ng mga medikal na gastusin. Maaaring kumpirmahin ang patunay ng pagbabayad.

Dapat magkumpleto ng Form ng Pinansyal na Impormasyon ng Pasyente ang lahat ng pasyente na humihiling ng diskwento sa mapagkawangawang pangangalaga. Kailangang masuri buwan-buwan ang mga pasyenteng May Malaking Medikal na Gastusin upang mabilang nang tumpak ang mga medikal na gastusin sa huling labindalawang (12) buwan.

Kukumpirmahin ang Kita ng pamilya ng pasyente sa pamamagitan ng pinakamakailang na-file na Pederal na tax return o mga kamakailang paycheck stub para tiyaking nasa pagitan ng 201% at 400% ng FPL ang Kita ng pamilya ng Pasyente.

Kapag natukoy nang nasa pagitan ng 201% at 400% ng FPL ang kita, walang isasaalang-alang na asset sa pagpapasya para sa diskwento sa mapagkawangawang pangangalaga. Ibatatay lang ang pagiging kwalipikado sa kwalipikasyon ng Kita ng pamilya ng Pasyente.

Lilimitahan ang mga may diskwentong pagbabayad sa pinakamataas ng Medicare o Medi-Cal.

Ang plano ng pagbabayad ay dapat ipakipag-usap sa Select Specialty Hospital San Diego **at sa pasyente, at dapat isaalang-alang ang kita ng Pamilya ng Pasyente at mahahalagang gastusin sa paninirahan. Kapag hindi nagkasundo ang Select Specialty Hospital San Diego at ang pasyente sa plano ng pagbabayad, dapat gamitin ng Select Specialty Hospital San Diego ang formula na inilarawan sa**

kahulugan ng “Makatwirang Plano ng Pagbabayad o Reasonable Payment Plan,” Seksyon II(J). Maaaring alukin ang mga pasyente ng mas matagal na plano sa pagbabayad. Walang magiging interes sa mga mas matagal na plano sa pagbabayad. Ang karaniwang haba ng plano sa pagbabayad ay labindalawang (12) buwan. Maaaring magbigay ng mga mas matagal na plano sa pagbabayad batay sa pagbubukod.

VIII. Pagtukoy sa Pagiging Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong Bago ang Pagkilos para sa Hindi Pagbabayad

A. Paniningil at Mga Makatuwirang Pagsisikap na Matukoy ang Pagiging Kwalipikado sa Pinansyal na Tulong

Nais ng Select Specialty Hospital San Diego na matukoy kung ang isang pasyente ay kwalipikado para sa tulong sa ilalim ng Patakaran ito o sa oras ng admisyon o serbisyo. Kung hindi natukoy ng isang pasyente ang pagiging kwalipikado para sa pinansyal na tulong bago palabasin o bago ang serbisyo, sisingil para sa pangangalaga ang Select Specialty Hospital San Diego. Kapag nakaseguro ang pasyente, sisingilin ng Select Specialty Hospital San Diego ang insurer ng pasyente na naka-record para sa mga natamong singil. Pagkatapos magpasya ng insurer ng pasyente, direktang sisingilin sa pasyente ang anumang natitirang bayarin ng pasyente. Kapag nakaseguro ng pasyente, direktang sisingilin ng Select Specialty Hospital San Diego ang pasyente para sa mga natamong bayarin. Makakatanggap ang mga pasyente ng hanggang apat na magkakasunod na billing statement sa loob ng 120 araw na nagsisimula pagkatapos makalabas ng pasyente sa ospital na ipapadala sa nakatalang address para sa pasyente. Ang mga pasyente lang na may hindi nabayaranang balanse ang makakatanggap ng billing statement. Kasama sa mga billing statement ang isang buod sa simpleng wika ng Patakaran ito at kung paano mag-apply para sa pinansyal na tulong. Kasama sa makatwirang pagsisikap na matukoy ang pagiging kwalipikado ang: abiso sa pasyente ng Patakaran sa pagpasok at sa nakasulat at pasalitang komunikasyon sa pasyente tungkol sa bill ng pasyente, isang pagsisikap na ipaalam sa indibidwal sa pamamagitan ng telepono ang tungkol sa Patakaran at ang proseso para sa pag-aaplay para sa tulong nang hindi bababa sa 30 araw bago kumilos upang simulan ang anumang kaso, at isang nakasulat na tugon sa anumang aplikasyon para sa tulong pinansyal para sa tulong sa ilalim ng Patakaran ito na isinumite sa loob ng 240 araw ng unang billing statement na may kinalaman sa hindi nabayaranang balanse o, kung sa ibang pagkakataon, ang petsa kung kailan ibinalik ng isang ahensya sa pangongolekta na nagtatrabaho sa ngalan ng Select Specialty Hospital San Diego ang hindi nabayaranang balanse sa Ospital.

B. Mga Pagkilos sa Paniningil para sa Mga Hindi Nabayaranang Balanse

Kung sinisikap ng pasyenteng maging kwalipikado sa ilalim ng patakaran sa mapagkawangawang pangangalaga ng ospital, at sinisikap niya nang may malinis na hangarin na mabayaran ang natitirang bill, hindi dapat ipadala ng ospital ang hindi nabayaranang bill sa anumang ahensya sa paniningil o iba pang kinatawan maliban kung sumang-ayon ang entity na sumunod sa patakaran ito.

Kung ang isang pasyente ay may natitirang balanse pagkatapos na maipadala ang hanggang apat na billing statement sa loob ng 120 araw, ang balanse ng pasyente ay isasangguni sa isang ahensya ng pagkolekta na kumakatawan sa Select Specialty Hospital San Diego na magpapatuloy sa pagbabayad. Ang mga ahensya na tumutulong sa ospital ay dapat:

- a. Hindi gumamit ng impormasyong nakuha bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon sa mapagkawangawang pangangalaga para sa mga aktibidad sa paniningil.
- b. Hindi mag-ulat ng hindi kaaya-ayang impormasyon sa ahensya ng pag-uulat ng credit ng konsumer o magsimula ng sibil na pagkilos laban sa pasyente para sa hindi pagbabayad sa anumang oras bago ang 180 araw pagkatapos ng paunang pagsingil.
- c. Hindi gumamit ng mga wage garnishment, maliban kung inutos ng korte sa notice of motion, na sinusuportahan ng paghahayag na inihain ng nagpepetisyon na tumutukoy sa batayan ng paniniwala nitong may kakayahang magbayad ang pasyente sa pagpapasya sa ilalim ng wage garnishment, na isasaalang-alang ng korte kaugnay ng bigat ng pagpapasya at karagdagang impormasyong ibinigay ng pasyente bago ang, o sa panahon ng, pagdinig tungkol sa kakayahan ng pasyenteng magbayad, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga posibleng medikal na gastusin sa hinaharap batay sa kasalukuyang kundisyon ng pasyente at iba pa niyang obligasyon.
- d. Hindi maglagay ng mga lien sa mga pangunahing tinitirahan.
- e. Sumunod sa kahulugan at aplikasyon ng isang Makatwirang Plano sa Pagbabayad o Reasonable Payment Plan, gaya ng tinukoy sa Seksyon II.

Ang mga ahensya ng koleksyon na kumakatawan sa Select Specialty Hospital San Diego ay may kakayahan na ituloy ang pangongolekta ng hanggang 18 buwan mula sa punto kung kailan ipinadala ang balanse sa ahensya ng koleksyon. Maaaring mag-apply para sa pinansyal na tulong ang pasyente sa ilalim ng Patakarang ito kahit nasa isang ahensya sa paniningil na ang hindi nabayarang balanse ng pasyente. Pagkalipas ng hindi bababa sa 180 araw mula sa unang billing statement pagkalabas sa ospital na nagpapakitang hindi pa nababayaran ang mga bayarin, at batay sa kalagayan, ipagpapatuloy ng Select Specialty Hospital San Diego ang pagkolekta sa pamamagitan ng demanda kapag hindi nabayaran ng pasyente ang balanse at hindi nakikipagtulungan kasama ang mga kahilingan para sa impormasyon o pagbabayad mula sa Select Specialty Hospital San Diego o ahensiyang nangongolekta na nakikipagtulungan sa ngalan nito.

Hindi kailanman iaantala o ipagkakait sa pasyente ang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga bago ang mga makatuwirang pagsisikap para matukoy kung maaaring maging kwalipikado ang pasyente para sa pinansyal na tulong. Sa Select Specialty Hospital San Diego, ang isang hindi nakasegurong pasyente na naglalayong mag-iskedyul ng mga bagong serbisyo at hindi ipinapalagay na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong ay kokontakin ng isang kinatawan na mag-aabiso sa pasyente ng Patakarang at tutulungan ang pasyente na magsimula ng Aplikasyon para sa tulong pinansyal kung hiniling.

C. Pagbebenta ng Utang (Debt Sale) sa Bumibili ng Utang (Debt Buyer)

Hindi magbebenta ang ospital ng utang ng pasyente sa isang bumibili ng utang, gaya ng inilarawan sa Seksyon 1788.50 ng Civil Code, maliban kung nalalapat ang lahat ng sumusunod:

- a. Napag-alaman ng ospital na hindi karapat-dapat ang pasyente para sa pinansiyal na tulong o ang mga pasyente ay hindi tumugon sa mga pagtatangkang maniningil o mag-alok ng tulong pinansyal sa loob ng 180 araw
- b. Kasama sa ospital ang kontraktwal na wika sa kasunduan sa pagbebenta kung saan sumang-ayon ang bumibili ng utang na ibalik, at sumasang-ayon ang ospital na tanggapin, ang anumang account kung saan ang balanse ay natukoy na mali dahil sa pagkakaroon ng isang third-party na nagbabayad, kabilang ang isang planong pangkalusugan o programa sa saklaw ng kalusugan ng pamahalaan, o ang pasyente ay karapat-dapat para sa pangangalaga sa kawanggawa o tulong pinansyal.
- c. Ang bumibili ng utang ay sumang-ayon na hindi ibebentang muli o di kaya'y ililipat ang utang ng pasyente, maliban sa ospital na pinagmulan o organisasyong hindi nagbabayad ng buwis na inilarawan sa Seksyon 127444, o kung ang bumibili ng utang ay ibinebenta o isinasama sa ibang entity.
- d. Sumasang-ayon ang bumibili ng utang na hindi magpataw ng interes o mga bayarin sa utang ng pasyente.
- e. Lisensyado ng Department of Financial Protection and Innovation ang bumibili ng utang bilang tagasingil ng utang.

D. Pagsusuri at Pag-apruba

Ang kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego ay may awtoridad na suriin at tukuyin kung ang mga makatwirang pagsisikap ay ginawa upang suriin kung ang isang Pasyente ay karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng Patakaran upang ang mga pambihirang aksyon sa pagkolekta ay maaaring magsimula para sa hindi nabayarang balanse.

IX. Mga manggagamot na hindi saklaw sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa Pinansyal at Pagkolekta ng Utang sa Select Specialty Hospital San Diego

Ang ilang partikular na serbisyo ay ginagawa ng mga doktor na hindi sakop ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong at Pagkolekta ng Utang ng Select Specialty Hospital San Diego. Ang mga serbisyong ito ay maaaring saklawin ng patakaran sa tulong pinansyal ng Scripps Health System na available online sa [Scripps.org/FAP](https://www.scripps.org/FAP).

Mga doktor na nagtatrabaho sa Select Specialty Hospital San Diego na *hindi* saklaw sa ilalim ng Patakarang ito ay tinukoy sa **Apendiks B, Listahan ng Provider**. Ang listahang ito ay binabago kada tatlong buwan at available din online sa <https://www.selectspecialtyhospitals.com/locations-and-tours/ca/san-diego/san-diego/>, sa aming mga admissions area, at sa oras na hilingin sa pamamagitan ng pagtatanong sa kinatawan ng Select Specialty Hospital San Diego.